

**DISTRITO NG MGA SERBISYO SA KOMUNIDAD NG MOUNTAIN GATE  
14508 WONDERLAND BLVD.  
REDDING CA 96003**

**ABISO SA DELINGKWENTENG ACCOUNT PARA SA SERBISYO SA TUBIG  
SAMPUNG ARAW NA ABISO**

PARA KAY:

SINISERBISYUHANG ADDRESS:

PETSA

DELINGKWENTENG HALAGA:

Alinsunod sa Seksyon 10.32.060 ng Patakaran sa Billing (ang “Patakaran”) ng Distrito ng mga Serbisyo sa Komunidad ng Mountain Gate, ang account sa ari-arian na inilalarawan sa itaas ay naging delingkwente ng hindi bababa sa limampung (50) araw. Kung hindi matatanggap ang kabayaran sa o bago ang \_\_\_\_\_, maaaring sumailalim sa pagputol ng serbisyo na magreresulta sa pagputol ng koneksyon at mga multa. Dagdag dito, mananagot ka sa pamantayang singil sa muling pagpapakonekta ng serbisyo.

Kung hindi ka sumasang-ayon sa bill ng serbisyo, maaaring kang magsumite ng nakasulat na kahilingan para sa apela sa District Manager (Tagapamahala ng Distrito) gaya ng nakasaad sa Seksyon 10.32.100.

Ang Seksyon 10.32.070 ng Patakaran ay nagkakaloob ng mga opsyon sa mga customer na hindi makakapagbayad kapag ang pagputol ng serbisyo ay magiging banta sa buhay o magiging banta sa kalusugan at kaligtasan ng isang miyembro ng siniserbisyuhang ari-arian, at ang customer ay walang kakayahang pampinansyal na magbayad. Kung natugunan ang mga iniaatas ng 10.32.070, at ang customer ay pumapayag na pasukin ang isang alternatibong iskedyl sa pagbabayad, maiiwasan kung gayon ang pagputol sa serbisyo. Mangyaring makipag-ugnay sa Distrito upang higit pang talakayin ang opsyong ito.

Kung naninirahan ka sa siniserbisyuhang ari-arian, ngunit hindi nakalista sa itaas na customer na nasa rekord, mayroon kang karapatan sa ilalim ng Patakaran na maging customer na nasa record, na pipigil sa pagputol ng serbisyo. Upang mangyari ito, kakailanganin mong makipag-ugnay sa Distrito at sundin ang mga karaniwang pamamaraan sa pag-set up ng bagong account.

Makukuha ang buong Patakaran sa Ingles at sa limang wikang nakalista sa Civil Code (Kodigong Sibil) Seksyon 1632 sa Website ng Distrito ng mga Serbisyo sa Komunidad ng Mountain Gate sa [www.mountaingatecsd.com](http://www.mountaingatecsd.com).

Kung mayroon kang anumang mga katanungan tungkol sa abisong ito, mangyaring makipag-ugnay sa Distrito sa pamamagitan ng telepono sa (530) 275-3002.